Setyembre 4, 2025

Para sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
Tagamasid Pampurok
At iba pang Kinauukulan

Magalang na ipinababatid ng Tanggapang Panlalawigan na ang **Pagbubukas ng Singkaban** ( Sining at Kalinangan ng Bulacan**) Festival** ay gaganapin sa ika-8 ng Setyembre,2025, Lunes, sa ganap na ika-3:00 ng hapon sa Bulacan Capitol Gymnasium, Lungsod ng Malolos, Bulacan. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay **Sining at Kalinangan ng Bulacan Pamanang Babalik-balikan**.

Kaugnay nito, malugod na inaanyayahan ng Tanggapang Panlalawigan ang Pamunuan ng Tanggapang Pansangay ng Bulacan, 40 Punong Guro ( **20 Elementary at 20 Secondary Principals na tutukuyin ng bawat Panumuan ng Samahan ng Elementary at Secondary Schools**) na dumalo at makiisa sa mahalagang pagdiriwang na ito. Ang kasuotan sa naturang pagdiriwang at Barong Tagalog at Filipiana.

Ang lahat ng gastusin para sa paglahok ay maaaring kuhanin sa Local School Board (LSB )/ sa local na pondo ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagtutuos at pag aawdit.

Ang inyong aktibong pakikilahok ay malaking ambag sa matagumpay na Pagbubukas ng Singkaban Festival.

Maraming salamat at mabuhay ang kulturang Bulakenyo.

**CECILIA E. VALDERAMA,PhD**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunuparang Tagapanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
Blg. 084, s. 2025

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Agosto 29, 2025

**DR. CECILIA E. VALDERAMA**
*OIC / Asst. Schools Division Superintendent*
Kagawaran ng Edukasyon
Lalawigan ng Bulacan

Mahal na **Dr. Valderama:**

Ito ay patungkol sa **Pagbubukas ng *Singkaban (Sining at Kalinangan ng Bulacan) Festival 2025*** na gaganapin sa **ika-8 ng Setyembre, 2025, Lunes, ganap na 3:00 ng hapon, sa *Bulacan Capitol Gymnasium*, Lungsod ng Malolos, Bulacan.** Ang tema para sa taong ito ay **"Sining at Kalinangan ng Bulacan, Pamanang Babalik-balikan!".**

Kaugnay nito, malugod kayong inaanyayahang dumalo, **kasama ang apatnapung (40) *principals* at *district supervisors*,** sa mahalagang pagdiriwang na ito sa petsa at lugar na nabanggit. Ang kasuotan para sa nasabing okasyon ay *Barong Tagalog* at *Filipiniana*.

Inaasahan namin ang inyong pagpapaunlak at lubos na pakikiisa sa makabuluhang gawaing ito.

Lubos na sumasainyo,

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

#ThePeoplesGovernor
2F Capitol Building, Guinhawa,
City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone no.: +63 44 791 8148/49/50
Fax No.: +63 44 791 0853





danielfernando.bulacan
www.bulacan.gov.ph

"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo."